# ANGAT SA PAGBASA

*by:*
**Annalyn F. Bagtas**

Itinuturing na isa sa pinakamahalagang kasanayan ang pag-unlad sa pagbasa kung titingnan ang porma ng edukasyon sa Pilipinas (Sanaysay Editorial Team, 2023). Bukod sa pagtuklas ng pambansang pagkakakilanlan at kultura, isa sa pinakamahalagang ambag ng pagbasa ay ang kakayahang makipag-ugnayan sa iba sa kahit na anong paraan. Ang pagbasa ay pangunahing kasanayan na nagpapalawak ng kaalaman at nagpapahusay sa komunikasyon. Mahalaga ito lalong lalo na sa asignaturang Filipino na naglalaman ng mga likas-yaman ng ating kultura. Isa sa mga hamon ng pagpapaunlad ng kasanayang ito ay ang kagustuhan ng mga mag-aaral na mas gumaling pa. Marami ang kakikitaan ng kakaunting interes sa nasabing aspeto. Tatalakayin sa sanaysay na ito kung paano nga ba gawing kawili-wili ang pagkatutong bumasa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Hindi na uso ang masyadong pormal at pare-parehong uri ng mga tekstong pinapabasa. Magandang gamitin ang mga dibersipikadong teksto (Macapaz at Mandado, 2023) na may maikli, makabagong kwento, at maging mga sanaysay na may kiliti at naaayon sa edad ng mambabasa. Hindi kinakailangan ng masyadong mga pormal na babasahin at lalong hindi limitado sa libro ang mga kwentong maaaring gamitin sa bawat klase. Sa araw-araw, mainam na iba't iba ang gamit na mga teksto na mula sa magkakaibang pinagkunan tulad ng internet, e-library, at marami pang iba. Sa ganitong paraan ay hindi mapapagod ang kanilang mga mata sa pagbasa nang paulit-ulit na teksto. Makatutulong din kung ang mga teksto na ginagamit ay mayroong mga biswal o larawan upang mas makita nila ang mga nais ipahayag sa bawat letra.

Ang teknolohiya ay ginawa at pinaunlad upang maiangat din ang kalidad ng mga kasanayan lalo na ang pagbasa. Upang mas maging mahusay sa pagtuturo nito, maraming kagamitan ang makikita sa internet at makatutulong ang mga ito upang lumiban sa tradisyonal na pamamaraan ng pagkatuto at pumasok sa mas interaktibong mundo (Angeles, 2020). Magandang magkaroon ng online na diskusyon at feedbacking sa lebel ng kakayahang bumasa ng mga mag-aaral, gumamit ng interactive na pagsusulit, at mga multimedia tulad ng video, larawan, at mga podcast upang ipakita ang tamang paraan ng pagbasa. Hindi na limitado lamang sa mga libro ang inobasyong pang-edukasyon. Pinalawak ng internet ang kakayahan ng mga guro upang tuklasin ang modernong paraan ng pagtuturo.

Isa sa maaaring dahilan ng kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pagbasa ay ang kakulangan nila sa malalim na pang-unawa sa kultura at konteksto ng pagka-Pilipino. Upang mas maipakilala sa kanila ang mga kaugaliang Pilipino at maikonekta sila sa kanilang pinagmulan, kinakailangan na makilala nila ang mga manunulat na silang nagpayaman sa panitikan ng bansa. Hindi lamang ang mga pambansang manunulat bagkus ay pati ang mga nagmula sa mga bayan at lokalidad. Mainam na matutunan nila ang galing ng lahi na kaya rin nilang tumbasan kung kanilang pag-iibayuhin ang kanilang mga kasanayan.

Masalimuot ang mga landasing tutunguhin ng mga mag-aaral sa mga susunod na panahon kaya't habang maaga pa ay mainam na hubugin na ang mga kasanayan tulad ng pagbasa. Sa ganitong pamamaraan ay walang kabataang Pilipino ang mahuhuli sa anumang antas. Lahat ay nagsisimula sa silid-aralan at dahil sa masiglang talakayan, mas madaling pagyamanin ang kakayahan ng mga kabataan.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Sanaysay Editorial Team (2023). Ano ang Pagbasa? Kahulugan at Kahalagahan Nito. KInuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://www.sanaysay.ph/ano-ang-pagbasa/

Macapaz, M. at Mandado, J. (2023). Informational text sa pagbasa at pagkatuto sa Filipino 7. KInuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://www.researchgate.net/publication/371171806_Informational_text_sa_pagbasa_at_pagkatuto_sa_Filipino_7

Angeles, L. (2020). Makabagong Teknolohiya, Tulong sa Mabilis na Pagkatuto. KInuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://www.pressreader.com/philippines/sunstar-pampanga/20200123/281706911645123

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan